



Nakabaon ba kayo sa utang? Nag-iisip ba kayo ng panibagong simula?

Impormasyon para sa mga mamimili tungkol sa
proseso ng kawalan ng ibabayad



© Ang Kanyang Kamahalan ang Reyna in
Right ng Canada, bilang kinakatawan ng
Minister of Industry, 2018
Cat. No. lu76-9/2018TI-PDF
ISBN 978-0-660-24112-8

Also available in English under the title
Consumed by debt? Considering a fresh start?
Information for consumers on the insolvency process
Aussi offert en français sous le titre
Croulez-vous sous les dettes? Songez-vous à repartir à neuf?
Information sur la procédure d'insolvabilité à l'intention des consommateurs



Nagkakaroon ba kayo ng personal na pinansyal na krisis?

Ang ilan sa atin ay haharap sa isang personal na pinansyal na na krisis sa panahon ng ating buhay. Maaaring malutas natin ang ilang problema sa pera nang ating sarili, ngunit sa ibang mga pagkakataon kailangan natin ang propesyonal na tulong. Ang problemang ito ay maaaring maging mas masahol sa paglipas ng panahon. O kaya'y maaaring biglang nangyari ito dahil sa pagkawala ng trabaho, isang malubhang sakit, paghihiwalay sa asawa o iba pang pangunahing pangyayari sa buhay.

Anuman ang dahilan, mayroon kayong mga pagpipilian kung hindi ninyo mabayaran ang inyong mga personal na kuwenta o mga utang.

Kilalanin ang mga senyas ng panganib

Mayroon kayong problema sa utang, o magkakaroon ng isa, kung:

- palagi kayong sobra sa limitasyon sa paggastos o ginagamit ninyo ang inyong mga kredit kard bilang isang pangangailangan sa halip na isang kaginhawahan.
- palagi kayong humihiram ng pera upang makaraos mula sa isang pasahod hanggang sa susunod.
- binabayaran ninyo lamang ang buwanang interes o serbisyo na singil na hindi binabawasan ang inyong kabuuang utang sa loob ng maramihang buwan.
- ang mga pinagkakautangan ay pumipilit na bayaran ninyo sila, nakakuha ng pagbabawas ng sahod (wage garnishment), nagbabanta na magsakdal o bawiin ang inyong sasakyan, kasangkapan sa bahay o telebisyon, o nag-employo ng isang ahensya ng pagkolekta ng utang upang bawiin ang pera para sa kanila.
- pinutol ng mga kumpanya ng ilaw, telepono, atbp. ang kanilang serbisyo dahil hindi ninyo binabayaran ang inyong mga kuwenta.



Makipag-ugnay sa isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad

Makipagkita sa isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad upang talakayin ang lahat ng inyong mga pagpipilian

Kung nakakaranas kayo ng mabibigat na pinansyal na kahirapan, gugustuhin ninyong makipagkita sa isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad (Licensed Insolvency Trustee, LIT). Kapag nakipagkita kayo sa isang LIT, dalhin ang lahat ng impormasyon tungkol sa inyong pinansyal na sitwasyon: mga pahayag ng kredit kard, mga pahayag ng banko, mga talaan ng sangla, mga dokumento ng pautang, atbp. Ipapaliwanag ng LIT ang mga pakinabang at kinalabasan ng iba't ibang mga opsyon na magagamit mo. Kadalasan, ang mga LIT ay hindi naniningil para sa unang pagkikita na ito.

Ang LIT ay kumakatawan sa isang balanse ng mga interes sa pagitan ninyo at ng inyong mga pinagkakautangan at siya ay isang opisyal ng korte. Dagdag sa pagtutulong sa inyo na masuri ang inyong sitwasyon, ang LIT ay magbibigay ng impormasyon at payo tungkol sa parehong mga panukala at mga proseso ng pagkabangkarote at siya ay gaganap ng isang walang kinikilingan na papel sa pagtitiyak na iginagalang ang inyong mga karapatan, pati na rin ng mga pinagkakautangan.

Ano ang isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad?

Ang isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad (Licensed Insolvency Trustee, LIT) ay ang tanging propesyonal na awtorisadong mangasiwa sa mga paglilitis sa kawalan ng ibabayad na pinamamahalaan ng gobyerno na nagpapahintulot na alisan ang inyong pananagutan sa utang, tulad ng panukala ng isang mamimili o isang pagkabangkarote.

Kapag pumili kayo ng isang LIT, maaari kayong maging kumpidente na ito sila ay nakapagpakita na na mayroon silang kaalaman, karanasan at kakayahan upang mabigyan ng lisensya mula sa Opisina ng Superintendente ng Pagkabangkarote (Office of the Superintendent of Bankruptcy).

Ang LIT ay:

- Nagrerepaso ng mga pangyayari ng mga mamimili na may mga pinansyal na kahirapan at nagbibigay ng kabuuang hanay ng mga opsyon.
- Nakikipagtulungan sa mga pinagkakautangan para sa inyo
- Nangangalaga ng mga karapatan ng mamimili mula sa pang-aabuso.

Upang makahanap ng isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad sa inyong lugar:

- Maghanap sa database ng Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad na nasa Canada.ca na website.

Ano ang isang kasagguni sa utang?

Ang mga serbisyo ng mga kasagguni sa utang para sa mga may utang ay karaniwang may bayad. Ang mga serbisyong ito ay i-aalok bago, sa panahon at pagkatapos ng isang panukala ng mamimili o sa paghaharap para sa pagkabangkarote. Sa kaibahan, ang mga 'di pangkalakal na tagapayo sa kredito ay madalas na hindi naniningil ng kabayaran para sa kanilang mga serbisyo at nag-aalok ng pagpapayo para sa sinuman na nangangailangan ng pinansyal na payo.

Alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad at isang kasagguni sa utang

	Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad	Kasagguni sa Utang
Libre ang unang konsultasyon	✔	?
Makapagharap ng isang panukala ng mamimili	✔	✘
Makapagharap para sa pagkabangkarote	✔	✘
Lisensyado ng Pederal na gobyerno	✔	✘
Pinamamahalaan ng Pederal na gobyerno	✔	✘
Tinatasa ng gobyerno ang karanasan at edukasyon	✔	✘
Mga pinamamahalaan na kabayaran	✔	✘
May mekanismo para sa pormal na reklamo	✔	?
Mababang itinakdang bayad para sa pagpapayo sa kawalan ng ibabayad na ibinibigay sa mga pamantayan na pederal	✔	✘



Pagkaunawa sa panukala ng mamimili at proseso ng pagkabangkarote

Mayroong iba't ibang mga posibleng solusyon sa inyong pinansyal na krisis. Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa dalawang pormal na solusyon na pinangangasiwaan ng Opisina ng Superintendente ng Pagkabangkarote (Office of the Superintendent of Bankruptcy, OSB): ang panukala ng mamimili at ang pagkabangkarote, na nag-aalok ng pambatas na proteksyon sa ilalim ng *Batas sa Pagkabangkarote at Kawalan ng Ibabayad (Bankruptcy and Insolvency Act)* ng Canada. Pinapapahintulot ng parehong mga solusyon na alisan ang pananagutan sa utang ng tapat, ngunit kapus-palad na may utang mula sa karamihan ng kanilang mga utang.

Panukala ng mamimili

Kung ang inyong kabuuang utang ay mas mababa sa \$250,000 (hindi kasama ang iyong sangla), maaaring ang isang panukala ng mamimili ay ang tamang pagpipilian para sa inyo.

Ang isang panukala ng mamimili ay isang plano upang bayaran ang inyong mga pinagkakautangan ng isang porsiyento ng kung ano ang na-utang sa kanila o upang pahabain ang panahon ng pagbabayad ng lahat ng inyong mga utang, o pareho.

Sa pagpipiliang ito, magbabayad kayo sa isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad (Licensed Insolvency Trustee, LIT), at pagkatapos ang pera na ito ay paghahatiin sa inyong mga pinagkakautangan.

Sa ilalim ng batas, hindi kayo makakatagal nang mas mahaba kaysa sa limang taon upang magbayad ayon sa nakatakda sa isang panukala ng mamimili.

Bakit kayo magharap ng panukala ng mamimili?

Ang isang panukala ng mamimili ay maaaring makakatulong sa inyo na malutas ang iyong mga problema sa pera nang hindi nagpapahayag ng pagkabangkarote. Hindi tulad ng pagkabangkarote, kung tatanggapin ng inyong mga pinagkakautangan ang inyong panukala at, hangga't sinusunod ninyo ang mga tuntunin ng inyong panukala, maaari ninyong mapanatili ang inyong mga ari-arian (hal., anumang mga pagtitipid o pamumuhunan, ang inyong sasakyan, ang inyong bahay, atbp.).

Ang inyong mga pinagkakautangan ay dapat sumang-ayon sa panukala

Ang LIT na nangangasiwa ng inyong paghaharap ay makikipagtulungan sa inyo upang bumuo ng isang panukala na mas malamang na maaprubahan ng inyong mga pinagkakautangan. Ihaharap ng inyong LIT ang panukala sa OSB. Ang LIT ay magbibigay din ng isang kopya ng panukala sa inyong mga pinagkakautangan, kasama ang isang ulat ng inyong personal na sitwasyon at ang mga sanhi ng inyong mga pinansyal na problema.

Ang inyong mga pinagkakautangan ay bibigyan ng 45 araw upang tanggapin o tanggihan ang inyong panukala ng mamimili.

Kung tinanggap ang inyong panukala:

- ikaw ay may pananagutan sa alinman sa kabuuan o sa pana-panahong pagbabayad sa LIT at sa pagsunod sa anumang iba pang mga kondisyon sa panukala;
- ang inyong mga ari-arian ay mananatiling nasa pagmamay-ari ninyo hangga't kayo ay nagbabayad sa inyong mga secured na pinagkakautangan;
- dapat kayong dumalo sa dalawang sapilitang sesyon ng pagpapayo; at
- ang panukala ay isasama sa inyong talaan ng kredito para sa pagtagal ng termino ng panukala at isang dinagdag na tatlong taon pa.

Kung hindi tinanggap ang inyong panukala, ang inyong LIT ay makikipagtulungan sa inyo upang gumawa ng mga pagbabago sa panukala at muling isumite ito. O maaari ninyong isaalang-alang ang iba pang mga opsyon para sa paglutas ng inyong mga pinansyal na problema, kabilang ang paghaharap para sa pagkabangkarote.

Sa sandaling ang panukalang ito ay hinarap sa OSB, hihinto kayo sa pagbabayad sa mga pinagkakautangan ng inyong mga unsecured na utang. Dagdag pa, kung ang inyong mga pinagkakautangan ay gumagamit ng isang proseso ng pagbabawas ng sahod, o nagsampa ng mga kaso laban sa inyo, ang mga aksyong ito ay titigil.

Sa katapusan ng panahon ng inyong panukala at hangga't natugunan ninyo ang lahat ng mga tuntunin at kundisyon ng pagbabayad, kayo ay legal na ipapalaya mula sa mga utang na kasama sa panukala.

TANDAAN:

Kung ang inyong utang ay higit sa \$250,000, mayroon kayong pagpipilian na magharap ng ibang uri ng panukala, na tinatawag na "Division I" na panukala. Ngunit hindi tulad ng isang panukala ng mamimili, kung ang Division I na panukala ay hindi tinanggap ng inyong mga pinagkakautangan, awtomatiko kayong maging bangkarota.

Pagkabangkarote

Ang pagkabangkarote ay isang legal na proseso rin na maaaring ma-akses sa pamamagitan ng isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad (Licensed Insolvency Trustee, LIT). Dapat kayo magharap para sa pagkabangkarote bilang isang huling paraan lamang – kung hindi ninyo matugunan ang inyong mga pinansyal na obligasyon at hindi maaaring malutas ang inyong mga problema sa utang anumang iba pang paraan. Mahalagang maunawaan ninyo kung ano ang kailangan ninyong gawin upang magharap para sa pagkabangkarote, pati na rin ang mga epekto nito sa inyo.

Tutulungan kayo ng LIT na kumpletuhin ang kinakailangang mga form. Kapag naharap na ang mga form at narepaso at tinanggap na ang pagkabangkarote ng Opisyal na Tagatanggap (Official Receiver) na nagtatrabaho sa OSB, kayo ay pomal na ipinahayag na bangkarota. Mula sa puntong iyon, ang LIT ay haharap nang direkta sa inyong mga pinagkakautangan. Dapat ding tumigil na ang mga tawag mula sa mga pinagkakautangan o mga ahensya ng pagkolekta. Kung hindi, idirekta ninyo ang mga ito na makipag-usap sa inyong LIT. Ang LIT ay maaaring magbigay sa inyo ng karagdagang impormasyon na naaangkop sa inyong partikular na kaso.

Kapag nagpahayag kayo ng pagkabangkarote, kayo ay may pananagutan sa pakikipagtulungan sa LIT sa panahon ng proseso ng pagkabangkarote at sa pagbibigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon.

Kapag naging bangkarota na kayo, aangkinin ng LIT ang lahat ng inyong mga ari-arian bukod pa sa mga iyon na hindi saklaw sa ilalim ng batas ng probinsiya o ng teritoryo, tulad ng mga gamit sa bahay, mga damit at mga gamit ng inyong kalakalan.

Ang mga ari-arian na ililipat ninyo sa LIT ay ibebenta, at ang pera ay gagamitin sa pagbayad sa inyong mga pinagkakautangan at mga kabayaran na may kaugnayan sa inyong pagkabangkarote.

Kinakailangang pagpapayo

Kung kayo ay nagharap para sa pagkabangkarote o kung kayo ay nagharap ng isang panukala ng mga mamimili, kakailanganin ninyong dumalo sa dalawang sesyon ng pagpapayo na pinamumunuan ng isang kwalipikadong tagapayo o isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad. Matutulungan kayo ng mga sesyong ito na pamahalaan ang inyong mga pinansiyal na pangyayari sa hinaharap.

Mg Kabayaran

Kakailanganin ninyong magbayad ng mga kabayaran upang magharap ng panukala ng isang mamimili o pagkabangkarote. Ang mga kabayaran ay nag-iiba depende sa kaso at pinamamahalaan ng pederal na gobyerno.



Pagkaunawa sa pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang mula sa pagkabangkarote

Ang isang pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang mula sa pagkabangkarote ay ang huling hakbang sa pagkabangkarote. Sa sandaling inalis ang inyong pananagutan sa pagkakautang, ikaw ay ipapalaya mula sa legal na obligasyon na bayaran ang karamihan ng inyong mga utang noong kayo ay ipinahayag na bangkarota. Ang ilang mga uri ng mga utang ay hindi mapapatawad tulad ng sustento, pagbabayad ng suporta o mga multa na ipinapataw ng korte, mga parusa o mga atas ng pagbabayad-pinsala.

Ang pagkamit ng pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang ay aabot ng siyam na buwan o mas matagal pa, depende sa inyong kalagayan at inyong pakikipagtulungan sa Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad (Licensed Insolvency Trustee, LIT) sa buong proseso.

Ano ang mangyayari sa inyong paghahalaga ng kredito kung kayo ay magharap ng isang panukala o magpapahayag ng pagkabangkarote?

Ang mga kawanihan ng kredito ay aabisuhan kapag ang isang pagkabangkarote o panukala ay hinarap. Ang isang panukala ng mamimili ay isasama sa inyong talaan ng kredito para sa pagtagal ng termino ng panukala at isang dinagdag na tatlong taon pa. Ang impormasyon tungkol sa isang unang pagkabangkarote ay kadalasang tinatanggal mula sa inyong ulat ng kredito pagkatapos ng anim o pitong taon nang inyong pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang mula sa pagkabangkarote, depende sa kung aling probinsiya kayo nakatira.

Ang mga talaan ng panukala ng mamimili at pagkabangkarote ay nananatiling publiko

Kapag kayo ay magharap ng isang panukala o magpapahayag ng pagkabangkarote, ang inyong pangalan ay magiging bahagi ng mga pampublikong talaan ng pagkabangkarote at kawalan ng ibabayad. Ang mga talaan na ito ay naa-akses ng sinuman na humiling ng impormasyon.

Minsan awtomatiko ang pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang mula sa pagkabangkarote

Kung awtomatiko ang inyong pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang o hindi ay depende sa ilang mga kadahilanan.

Kung ito ang inyong unang pagkabangkarote, awtomatiko kayong alisan ng pananagutan sa pagkakautang mula sa pagkabangkarote pagkatapos ng siyam na buwan nang pagharap hangga't:

- 1) ang inyong pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang ay hindi tinututulan ng LIT, o ng isang pinagkakautangan, o ng Opisina ng Superintendente ng Pagkabangkarote (Office of the Superintendent of Bankruptcy, OSB); at
- 2) hindi kayo tumanggi o napapabayaang makatanggap ng pagpapayo; at
- 3) hindi kayo kinakailangang magbayad ng bahagi ng inyong labis na kita ayon sa pamantayan na itinatag ng OSB. Kung kailangan ninyong magbayad sa inyong LIT para sa labis na kita, kayo ay magiging karapat-dapat para sa isang awtomatikong pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang pagkatapos ng kontribusyon na bahagi ng kita na ito sa loob ng 21 buwan. Kung hindi kayo kwalipikado para sa isang awtomatikong pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang, kakailanganin ninyong dumalo sa isang paglilitis sa korte para sa pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang.

Pagkakasunduan na may kaugnayan sa pagkabangkarote

Magagamit ang pagkakasunduan na may kaugnayan sa pagkabangkarote upang makatulong na malutas ang mga alitan sa pagitan ng isang tao na nagpahayag ng pagkabangkarote at ang kanilang LIT tungkol sa mga pagbabayad para sa labis na kita. Sa ilang mga pangyayari, magagamit din ang pagkakasunduan kung ang isang pinagkakautangan ay sumasalungat sa isang pag-alis ng pananagutan sa pagkakautang. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang OSB Canada.ca na website.



Tungkol sa Opisina ng Superintendente ng Pagkabangkarote

Ang Opisina ng Superintendente ng Pagkabangkarote (Office of the Superintendent of Bankruptcy, OSB) ay may pananagutan sa pangangasiwa ng *Batas sa Pagkabangkarote at Kawalan ng Ibabayad*, pati na rin ang ilang mga tungkulin sa ilalim ng *Batas sa Kompromiso ng Mga Pinagkakautangan para sa mga Kumpanya*. Nililisenasya at pinamamahalaan namin ang propesyon ng kawalan ng ibabayad, finitiyak ang isang episyente at mabisang regulatoryo na pundasyon, pinangangasiwaan ang pagsunod ng stakeholder sa proseso ng kawalan ng ibabayad, at pinapatilhin ang mga pampublikong talaan at istatistika.

Mga tanong at mga reklamo

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga panukala, ang proseso ng pagkabangkarote at iba pang kaugnay na usapin, makipag-usap sa isang Lisensyadong Tagapangasiwa ng Kawalan ng Ibabayad (Licensed Insolvency Trustee, LIT), o makipag-ugnay sa OSB sa telepono, o sa Canada.ca na website.

Ang OSB ay may pananagutan din para sa pagtatala at, kung naaangkop, pagsisiyasat ng mga reklamo laban sa mga LIT, mga may utang at mga pinagkakautangan. Upang magsampa ng reklamo, maaari kayong makipag-ugnay sa OSB sa telepono, o sa Canada.ca na website.

1-877-376-9902

1-866-694-8389 (para sa may kapansanan sa pandinig)
(8:30 n.u. to 4:30 n.h. – Lunes hanggang Biyernes)

Manatiling konektado sa **Your Money Matters**
sa [Facebook](#) at [Twitter](#).



Makakakita kayo ng higit pang mga mapagkukunan at impormasyon upang pamahalaan ang inyong utang mula sa [Office of Consumer Affairs](#).



